

**Proseso na Pagpapatala sa SFUSD
Tatlong hakbang**

Hakbang 1. Ihanda ang mga Dokumento

ID na may Litrato ng Magulang/Tagapatnubay: Kailangang personal na isumite ng Magulang/Tagapatnubay

Patunay ng Kapanganakan ng Estudyante:

- Sertipiko ng Kapanganakan o rekord ng Ospital (Kung walang pangalan ng Magulang/Tagapatnubay sa dokumento, kailangan ng karagdagang pagpapatunay ng pagiging tagapatnubay.)

Patunay ng address ng tahanan: Isang patunay ng address ng tahanan na may nakasulat na pangalan at address ng Magulang/Tagapatnubay.

- Kontrata para sa serbisyo sa utilities (koryente, tubig, gas atbp.), statement o pahayag at resibo ng pagbabayad mula sa mga ahensiyang tulad ng PG&E, tubig, cable, o basura sa loob ng nakaraang 45 araw (walang tatanggaping bill para sa cell phone)
- Kapwa ang pagpaparehistro ng sasakyan at polisiya para sa seguro ng sasakyan (pahina ng mga deklarasyon), na kailangang may bisa pa (bibilangin bilang iisang pruwaba)
- Polisiya sa seguro ng may-ari ng bahay (homeowner) o umuupa (renter), na kailangang may bisa pa
- Pahayag ng buwis sa ari-arian (property tax statement), na kailangang nasa kasalukuyang taon ng pagtatasa
- Mga sulat mula sa ahensiyang gobyerno nitong huling 45 araw
- Grant deed (paglilipat ng pagmamay-ari), titulo ng ari-arian
- Kontrata para sa pagpapa-upa ng tirahan, lease (kasunduan sa pagpapaupa), o mga resibo ng pagbabayad sa loob ng 45 araw
- Mga kasunduan na Seksiyon 8, na kailangang may bisa pa
- Affidavit o sinumpaang salaysay na isinagawa ng magulang o legal na tagapatnubay ng mag-aaral
- Pay stub (pahayag ukol sa suweldo), nitong nakaraang 45 araw
- Pagpaparehistro ng botante, na kailangang may bisa pa

Hakbang 2. Sulatan ang Form

Kumpletuhin ang lahat ng seksiyon: Hindi ipoproseso ang mga kulang-kulang na aplikasyon bilang aplikasyong nasa oras.

Hakbang 3: Isumite ang aplikasyon bago sumapit ang Enero 11, 2019 o sa petsang ito

Pirmahan: Tinitiyak ng pagpirma sa form para sa pag-aaplay na totoo ang ibinigay na impormasyon.

Kailangang isumite **nang personal** ng magulang/tagapatnubay ng mga sumusunod na estudyante ang aplikasyon sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (EPC):

- Mga estudyanteng bago sa SFUSD
- Mga estudyanteng nasa gradong hindi nagtatransisyon at lilipat sa paaralang nasa loob ng SFUSD

Puwedeng isumite ng magulang/tagapatnubay ang aplikasyon sa paaralan ng SFUSD kung ang estudyante ay:

- Papisok sa paaralan ng SFUSD sa gradong transisyonal, at ang mga ito ay: transisyonal na kindergarten (TK), ika-5 o ika-8 na grado.
- Papisok ng kindergarten o may nakatatandang kapatid na kasalukuyang pumapasok sa paaralang elementarya ng SFUSD. Puwedeng isumite ang aplikasyon sa paaralan ng SFUSD ng kapatid.

Huwag i-fax, i-email o ipadala sa pamamagitan ng koreo ang Aplikasyon

Kinakailangang Edad

Itinatag na ngayon ng batas ng California na kailangang limang taon gulang na ang bata bago sumapit ang Setyembre 1, 2019, o sa petsang ito, upang maging legal na karapat-dapat para sa kindergarten, at anim na taong gulang bago sumapit ang Setyembre 1, 2019, o sa petsang ito, upang maging legal na karapat-dapat para sa unang grado. Ang mga mag-aaral na magiging limang

taong gulang sa pagitan ng Setyembre 2 at Disyembre 2, 2019 ay karapat-dapat para sa programa ng Transisyonal na Kindergarten para sa akademikong taon 2019-2020. Ang transisyonal na kindergarten ang nagtutulay sa preschool at kindergarten. Gumagamit ang transisyonal na kindergarten ng binagong kurikulum sa kindergarten na angkop sa edad at paglaki ng bata. Tingnan ang pahina 4 para sa mga mga mapipiling paaralan. Tandaan: Kapag

pinirmahan at isinumite mo ang aplikasyong ito, at nakatutugon ang iyong anak sa inatakdang edad para sa Transisyonal na Kindergarten, ipatatala ang iyong anak sa programa na Transisyonal K para sa akademikong taon 2019-20 at kinakailangan niyang mag-aaplay para sa puwesto a Kindergarten para sa akademikong taon 2020-21 pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon na lalabas sa Nobyembre 2019.

Kahulugan ng Paninirahan o Residensya

Itinuturing na tirahan ng menor de edad ang legal na tirahan ng (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga nito na pisikal na kasama at nag-aalaga sa menor de edad. Para makapagpapatala sa SFUSD, kailangang patuloy na naninirahan sa San Francisco ang magulang/legal na tagapag-alaga ng mag-aaral sa panahon ng aplikasyon at sa buong panahon ng pagkaka-enrol sa SFUSD. Ang isang residente ay isang indibidwal na ganap na nananatili sa isang tirahang nasa San Francisco, a tsa kahit anong araw, ay malamang na namamalagi sa nakasaad na adres kapag wala sa trabaho o paaralan. Para matukoy ang lugar ng paninirahan, kailangang sundin ang mga sumusunod na tuntunin:

- Ito ang lugar kung saan nananatili ang isang tao kapag hindi siya tinatawag sa ibang lugar para magtrabaho o para sa iba pang espesyal o pansamantalang layunin, at kung saan siya bumabalik para magpahinga.
- Isa lang ang maaaring maging residensya.
- Hindi maaaring mawala ang residensya hangga't wala pang bagong kapalit.

d. Ang residensya ng magulang/tagapangalaga na tinitirhan ng batang menor de edad na walang asawa ay itinuturing na residensya ng naturang menor de edad na batang ito.

e. Ang residensya ay maaari lang mabago sa pamamagitan ng unyon ng pagkilos at intensyon. Kung magkahiwalay ang mga magulang at nakatira sa magkaibang address, kailangang pisikal na naninirahan ang mag-aaral sa magulang na nasa San Francisco, nang hindi bababa sa 50% ng panahon sa regular na akademikong taon.

Dapat basahin ng mga magulang/tagapangalaga ang Gabay sa Pagpapatala ng SFUSD o bisitahin ang www.sfusd.edu/enroll para basahin ang mga detalyadong paglalarawan ng mga iniaatas ng SFUSD tungkol sa paninirahan at ang mga kahihinatnan ng pagsusumite ng maling impormasyon sa Aplikasyon para sa Pagpapatala.

Mga mag-aaral na hindi dokumentado

Ang sinumang bata na may pamilyang nakatira sa San Francisco ay garantisad ng mapagkakalooban ng libreng pampublikong edukasyon sa SFUSD. Walang pamilyang tatanggihan ng akses sa paaralan dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon.

Tie-breakers (pagpapasya sakaling may magtabla) sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Mag-aaral

Binibigyan ng puwesto ang mag-aaral sa paaralan na pinakapinili nila o binigyan ng unang ranggo sa kanilang listahan basta't may mga bakante rito. Ginagamit ang mga tie-breaker para matulongang bigyan ng puwesto ang mga estudyante sa hiniling na paaralan sakaling may marami ang mga kahilingan para sa isang paaralan kaysa sa mga bakanteng espasyo.

Transisyonal na Kindergarten (tingnan ang pahina 4)

- Pumapasok sa isang SFUSD EES na mayroong TK
- May nakababatang kapatid sa PreK o nakatatandang kapatid sa paaralang elementarya kung saan naghahandog ng TK
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen

Mga Landas sa Wika para sa Kabuuan ng Lungsod

- Naka-enrol sa isang landas sa wika AT may nakatatandang kapatid sa landas na ito sa hiniling na paaralan
- Nakata-enrol sa landas sa wika
- May nakatatandang kapatid sa hiniling na paaralan
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen

Kindergarten - Mga Paaralan sa Teritoryong Pinagsisilbihan o nasa Lugar na Tinitirhan

- May nakatatandang kapatid sa hiniling na paaralan
- Nakatira sa lugar na pinapasukan at naka-enrol sa SFUSD PreK na nasa lugar na tinitirhan (attendance area)
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen
- Nakatira sa lugar na pinapasukan o teritoryong pinagsisilbihan ng paaralan

Ika-6 na Grado - Middle Schools

- May mas matandang kapatid sa hiniling na paaralan
- Naka-enrol sa isang nagpapadalang paaralan sa middle school
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen

Ika-9 na Grado - Mga High School

- May nakatatandang kapatid sa hiniling na paaralan
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen

Kindergarten - Mga Paaralan para sa Kabuuan ng Lungsod

- May nakatatandang kapatid sa hiniling na paaralan
- Pumapasok sa SFUSD PreK sa paaralang para sa kabuuan ng lungsod
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen

Willie L. Brown Jr. Middle School

- May nakatatandang kapatid sa hiniling na paaralan
- Naka-enrol sa middle school feeder (nagpapadalang paaralan sa middle school)
- Nakatira sa 94124 Zip Code
- Nakatira sa isang lugar na may pinakamababang average ng mga marka sa eksamen

Polisiya Tungkol sa Kawalan ng Diskriminasyon

Ang mga programa, gawain, at gawi ng San Francisco Unified School District ay malaya mula sa labag sa batas na diskriminasyon, pagha-harass o panliligalig, pananakot o pambu-bully o pang-aapi na nakabatay sa aktuwal o inaakalang lahi, kulay, mga ninuno, bansang pinagmulan, identidad, etnikong pangkat, edad, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa o pagiging magulang, pisikal na kapansanan o kapansanan sa isip, kasarian, seksuwal na oryentasyon, gender o kasarian, identidad ng kasarian, o ekspresyon ng kasarian; o dahil sa kaugnayan ng tao sa indibidwal o pangkat na nagtataglay ng isa o higit pa sa mga aktuwal o inaakalang katangiang ito.

Kung naniniwala kayong nakaranas kayo ng diskriminasyon, pagha-harass, pananakot o pambu-bully, kailangan ninyong kontakin agad ang principal ng paaralan at/o ang direktor ng Opisina para sa Pagkakapantay-pantay o Office of Equity (Opisyal para sa Titulo 5 at Titulo IX ng CCR), na si Keasara (Kiki) Williams, sa 415-355-7334 o sa williamsk3@sfusd.

Polisiya ng Pagpupuwesto para sa mga kambal, triplets at multiples

Kung gusto mong mabigyan ng puwesto ang mga kambal, triplets o multiples sa iisang grado at programa, kailangang isaad ng bawat aplikasyon angmagkakaparehong paaralan at piniling programa na gayon din ang pagkakasunod-sunod. Dapat sumagot ng OO ang magulang/tagapag-alaga sa sumusunod na tanong sa seksiyon 3 ng form para sa aplikasyon: Gusto ninyo bang ilagay ang inyong mga kambal, triplets o multiples sa magkakaparehong paaralan?

Key Petsa

Enero 11, 2019:
Huling araw ng aplikasyon

Marso 15, 2019:
Ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa mga pamilya ang alok ng pagbibigay ng puwesto

Marso 18-22 at Abril 1-5, 2019:
Kailangang magparehistro ang mga magulang/tagapatnubay sa paaralan para tanggapan ang mga alok.

Anumang hiniling napagkakaroon ng puwesto sa paaralan ay ipapalit sa inyong kasalukuyang nakatalaga na paaralan (kung naaangkop).

May mga tanong? Gusto mo ba ng tulong?

Makipag-usap sa mga kawani ng Sentro para sa Pagbibigayng Puwesto sa Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center) ng SFUSD. Narito kami para tulungan kayo!
555 Franklin Street, Room 100
San Francisco, CA 94102
Tel: 415.241.6085. Fax: 415.241.6087.
Office hours: M-F 8:00AM-4:30PM www.sfusd.edu enrollinschool@sfusd.edu

Wasto ang impormasyon sa Aplikasyong ito sa panahon ng publikasyon (Oktubre 2018). Gayunman, posible pang malipat, matanggal, mapaliit, malago o madagdag ang ilang programa. Isasapubliko ang mga malalaking pagbabago sa oras na malaman ang mga ito.

Mga Deskripsiyon at pangangailangan para maging karapat-dapat

Landas sa Wika	Mga Pinagsisilbihan Mag-aaral	Wika ng Instruksiyon	Pagiging Kuwalipikado para sa Pathway
K-5 na Pag-aaral sa Pamamagitan ng Paglubog sa Dalawang Wika (DLI) • IMMC: Cantonese • IMMK: Koreano • IMMM: Mandarin • IMMS: Espanyol	• Mga Mag-aaral ng Ingles • Mga Mag-aaral na nagsasalita ng dalawang wika • Mga Mag-aaral na may Kahusayan sa Ingles	Nagsisimula sa 80% instruksiyon sa wika ng landas sa kindergarten at bumababa nang hanggang 50% pagdating sa ika-5 grado	• Batay sa pananaliksik ng DLI, magtatalaga ang distrito ng naaangkop na balanse ng mga estudyanteng mahusay na sa wika ng pathway o landas (2/3 hanggang 1/2) at estudyanteng hindi pa nakapagpakita ng kahusayan sa wika ng pathway (1/3 hanggang 1/2). • Para makapagpakita ng kahusayan, binibigyan ng eksamen sa kanilang wika ng landas o pathway ang mga estudyanteng tumukoy ng wika bukod pa sa Ingles sa sarbey ukol sa wika ng tahanan (home language survey).
K-8 Alice Fong Yu Chinese Immersion Program o Pinaka-unang Programa sa Paglubog sa Wikang Tsino • IMMC: Cantonese	• Mga Mag-aaral ng Ingles • Mga Mag-aaral na may Kahusayan sa Ingles	Nagsisimula sa 80% instruksiyon sa wika ng landas sa kindergarten at bumababa nang hanggang 50% pagdating sa ika-5 grado	Ipinatutupad ang programa na gumagawa ng ebalwasyon sa alternatibong ratio o paghahambing sa pagitan ng 1/3 at 2/3 na mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners) at 2/3 at 1/3 na mga estudyanteng may kahusayan na sa Ingles.
K-5 na Kakayahang Magbasa at Magsulat sa Dalawang Wika sa Elementarya • BILC: Cantonese • BILS: Espanyol	• Mga Mag-aaral ng Ingles • Mga Mag-aaral na nagsasalita ng dalawang wika	Katulad ng DLI ang instruksiyon pero dinisenyo para sa mga potensiyal na Mag-aaral ng Ingles (English Learners) na mga katutubong nagsasalita ng wika ng pathway	Mga estudyanteng nag-aaplay para sa mga gradong K o 1, na ang wika sa tahanan ay isa sa mga wika ng pathway. Kailangang bigyan ng eksamen ang mga estudyanteng nasa mga grado 2-5 at kasalukuyang wala sa DLI o Biliteracy (pagbasa at pagsulat sa dalawang wika), at kailangang makapagpakita sila ng kahusayan na naayon sa kanilang grado sa wika ng pathway.
K-5 na Pag-aaral sa Dayuhang Wika sa Paaralang Elementarya (FLES) • JBBP: Hapones	• Lahat ng estudyante	30-60 minuto ng wika at pagpapayaman ng kaalaman sa kultura (3-5 araw/linggo)	Para sa bawat Hapones na Programa sa Dalawang Wika at Dalawang Kultura (Japanese Bilingual Bicultural Program, JBBP), magtatalaga ang distrito ng naaangkop na balanse ng mga estudyanteng may kahusayan sa wikang Hapones (10 mula sa 44 puwesto) at estudyanteng hindi pa nakapagpakita ng kahusayan sa wikang Hapones (34 mula sa 44 puwesto), at nang mabigyan ng suporta ang paggaya sa wika ng kaedad (peer language modeling). Para makapagpakita ng kahusayan, binibigyan ng eksamen sa kanilang wika ng landas o pathway ang mga estudyante na Hapones ang wikang tinukoy sa sarbey ukol sa wika ng tahanan (home language survey).
K-5 na Pang-elementaryang Pag-aaral para sa Bagong Dating na Migrante • NX: All Languages • NC: Cantonese and Mandarin • NS: Espanyol	• Mga Mag-aaral ng Ingles	Nasa katutubong wika ang instruksiyon at may 60 minuto na itinalagang Pag-unlad sa Wikang Ingles (Designated English Language Development)	Bagong dating sa US (Antas na Umuusbong o Emerging)
6-12 na Pang-sekondaryong Pag-aaral Gamit ang Dalawang Wika • SDLC: Cantonese • SDLK: Koreano • SDLM: Mandarin • SDLS: Espanyol	• Mga Mag-aaral ng Ingles • Mga Mag-aaral na nagsasalita ng dalawang wika • Mga Mag-aaral na may Kahusayan sa Ingles	Nagsisimula ang pagsasanib ng DLI at Biliteracy (pagbasa at pagsulat sa dalawang wika) sa middle school o panggitnang paaralan at kumukuha ang mga mag-aaral ay kukuha ng 1-2 kurso sa akademiko sa wika ng landas.	Mga estudyanteng nakapagpakita na ng kahusayan na nasa antas ng grado sa eksamen para sa wika ng pathway na ibinigay sa EPC.
6-8 na Pang-sekondaryong Pag-aaral ng mga Wika ng Mundo • JBBP: Hapones	• Lahat ng estudyante	45-55 minuto na kursong elective o pinipili sa wika at kultura, (5 araw/linggo)	Kuwalipikado ang lahat ng estudyante anuman ang antas ng kahusayan sa wika.
6-12 na Pang-elementaryang Pag-aaral para sa Bagong Dating na Migrante • NX: All Languages • NC: Chinese • NS: Espanyol	• Mga Mag-aaral ng Ingles	Instruksiyon sa wika at nilalaman (content) na may 45-90 minuto ng itinalagang Pag-unlad sa Wikang Ingles (English Language Development, ELD)	Bagong dating sa US (Antas na Umuusbong o Emerging)

Kailangan ko bang magpa-iskedyul ng pagtatatasa para sa kasayanan sa wika?

Binibigyan ng pagtatatasa ang mag-aaral at maaari silang maging karapat-dapat para sa karagdagang mga serbisyo kapag ang isinagot niya sa isa sa unang tatlong tanong sa kanyang "Sarbay para sa Wika ng Tahanan (Home Language Survey)" na nasa pahina 5 ng Aplikasyon para sa Pagpapatala, ay wika bukod sa Ingles. Kung nagsasalita ang inyong anak ng wika bukod sa Ingles, at naglista siya ng landas ng pag-aaral gamit ang dalawang wika o pag-aaral ng pagbasa at pagsulat sa dalawang wika bilang isa kanyang mga pinili, posibleng bigyan siya ng pagtatatasa para sa kanyang kasalukuyang kasanayan sa wika. Sinusuri ng mga pagtatatasa sa wika ang kasanayan ng bata sa wika ng landas (kung may makukuhang pagtatatasa). Hindi inoorsan ang mga pagtatatasa at puwedeng kumuha uli ang mga mag-aaral ng pagtatatasa ng kasanayan sa wika. Kailangang isauli nang maaga ng mga magulang ang kanilang aplikasyon para sa pagpapatala, at nang makapag-iskedyul at makapagsagawa ang EPC ng mga naangkop na pagtatatasa. Tingnan ang seksiyon na "Mga Pagtatatasa sa Wika para sa Pagpapatala (Language Assessments for Enrollment)" na nasa Gabay sa Programa ng Mga Mag-aaral ng Ingles (English Learner Program Guide) para sa karagdagang impormasyon.

Saan kukuha ng eksamen ang aking anak?

- Isasagawa ang lahat ng pagtatatasa ng mga kawani ng Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center), Room 100, 555 Franklin Street, o sa isang itinakdang paaralan.
- Isiskedyul at isasagawa ang mga pagtatatasa bago mabigyan ng puwesto ang mga pamilya.

Ano ang mangyayari matapos ang eksamen?

Kapag nakumpleto at namarkahan na ang eksamen, makikipagkita ang mga magulang/tagapangalaga sa isang tagapayo sa EPC para talakayin ang mga resulta ng eksamen, mga opsiyon na programa, at mga serbisyong nagbibigay-suporta. **Magkakaroon ng pagkakataon ang mga pamilya na baguhin ang mga paaralan o programang hiniling sa aplikasyon ng kanilang anak kapag ginusto nila at/o kung hindi karapat-dapat ang bata para sa napiling landas ng wika.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtuturo sa bawat landas ng wika, mangyaring tingnan ang 2019-20 na Gabay sa Programa Para sa Mag-aaral ng Ingles.

MGA GABAY PARA SA ALOK NA HINDI HINIHLING

Kapag hindi kayo nakakuha ng alok sa isa sa mga hiniling ninyong paaralan dahil mas marami ang kahilingan kaysa sa bukas na puwesto, gagamitin ng SFUSD ang mga sumusunod na gabay para makapag-alok ng paaralan sa inyo.

- Kung kasalukuyan kayong **naka-enroll sa paaralan ng SFUSD na nag-aalok ng inyong hinihiling na grado**, magpapatuloy kayo sa inyong kasalukuyang paaralan.
- Kung nag-aaplay kayo sa **mga grado K hanggang 5** at walang makukuhang puwesto sa hiniling ninyong grado sa inyong paaralan, at bago kayo sa SFUSD, tatanggap kayo ng alok sa paaralang ng inyong attendance area (teritoryong pinagsisilbihan nito) kung mayroon itong espasyo. Kung hindi man, tatanggap kayo ng alok sa paaralang pinakamalapit sa inyong tahanan kung saan may bukas pang puwesto.
- Kung nag-aaplay kayo para sa **ika-6 grado at kasalukuyan kayong naka-enroll sa paaralang K-5 ng SFUSD**, tatanggap kayo ng alok para sa inyong feeder o pinadadalhang middle school kung may espasyo ito. Kung hindi man, tatanggap kayo ng alok sa paaralang pinakamalapit sa inyong tahanan kung saan may bukas pang puwesto.
- Kung nag-aaplay kayo para sa **ika-6 grado at bago kayo sa SFUSD**, tatanggap kayo ng alok para sa paaralang pinakamalapit sa inyong tahanan kung saan may bukas pang puwesto.

• Kung nag-aaplay kayo sa **mga grado 7 hanggang 12** at walang makukuhang puwesto sa hiniling ninyong grado sa inyong paaralan, o bago kayo sa SFUSD, tatanggap kayo ng alok para sa paaralang pinakamalapit sa inyong tahanan kung saan may bukas pang puwesto.

• Kung hindi kayo naka-enroll sa paaralan ng SFUSD, **at Lowell at/o SOTA lamang** ang hiniling ninyo pero hindi kayo nabigyan ng puwesto sa Lowell o SOTA, kailangan ninyong kontak ang EPC para humiling ng iba pang high school o mataas na paaralang ng SFUSD.

Kung ang paaralang iaalok sa inyo ay may bukas na puwesto sa pathway ng wika o newcomer na hiniling ninyo, at kung saan kuwalipikado kayo, tatanggap kayo ng alok sa pathway ng wika o newcomer sa paaralang ito. Kung may mga bukas na puwesto ang paaralan sa mahigit sa isang hiniling na pathway ng wika o newcomer, tatanggap kayo ng alok sa pathway na binigyan ninyo ng pinakamataas na ranggo o pinaka-una sa inyong form para sa pag-aaplay. Halimbawa, kung hiniling ninyo ang pathway para sa Paglubog sa Espanyol (Spanish Immersion) bilang unang piniling pathway at ang pathway para sa Pagbasa at Pagsulat sa Dalawang Wika, kung saan Espanyol ang isa (Spanish Biliteracy) bilang ikalawang pinili, tatanggap kayo ng alok sa pathway para sa Paglubog sa Espanyol dahil mas mataas ang ranggong ibinigay ninyo rito. Kung walang bukas na puwesto ang paaralang ito sa anumang hiniling na pathway ng wika o newcomer, tatanggap kayo ng alok mula sa programa para sa pangkalahatang edukasyon

(general education) sa paaralang ito.

Mga alternatibong gabay para sa mga alok sa mga pathway sa wika o newcomer na hindi pinili

Ang seksiyon 3 ng form para sa aplikasyon (Mga Paghiling ng Paaralan) ay may kasamang kahon na puwede ninyong i-tsek kung gusto ninyong subukan ng SFUSD na italaga kayo sa anumang paaralan sa distrito na may bukas na puwesto sa hinihiling na pathway ng wika o newcomer bago kayo alukin ng bukas na puwesto sa pangkalahatang edukasyon sa paaralang ng inyong attendance area/feeder o pinadadalhang middle school/ paaralang pinakamalapit sa inyong tahanan. Dinisenyo ang opsiyon na ito para matugunan ang pangangailangan ng mga pamilya na gustong bigyan ng prayoridad ang pagpapa-enroll sa pathway ng wika o newcomer kaysa sa programa para sa pangkalahatang edukasyon na posibleng mas malapit sa kanilang bahay.

Kapag tsinek ninyo ang kahon sa Seksiyon 3 ng form para sa pag-aaplay, titingnan ng SFUSD ang bawat paaralan sa distrito, simula sa pinakamalapit sa kung saan kayo nakatira, upang subukang italaga kayo sa paaralan na may bukas na puwesto sa pangkalahatang edukasyon sa paaralan ng inyong attendance area/feeder o pinadadalhang middle school/ paaralang pinakamalapit sa inyong tahanan.

2019-20 Mga Paaralang Elementarya: K-5 at K-8

Mga Paaralang Elementarya K-5	Paaralan #	Mga Landas ng Pangkalahatang Edukasyon	Mga Landas ng Wika								Mga Landas para sa Bagong Dating na Migrante		Mga Middle School Feeder	
			Biliteracy Cantonese	Biliteracy Spanish	Immersion Cantonese	Immersion Korean	Immersion Mandarin	Immersion Spanish	FLES Pathway Filipino	FLES Pathway Japanese	Newcomer Chinese	Newcomer Spanish		
ALAMO	413	Gen[K-5]												Presidio
ALVARADO	420	Gen[K-5]							ImmS[K-5]					Lick
ARGONNE	435	Gen[K-5]												Presidio
BRYANT	456	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Everett
CARVER	625	Gen[K-5]												Brown/Aptos
CHÁVEZ	603	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Everett
CHIN	872	Gen[K-5]	BilC[K-2]											Francisco
LEE (FORMERLY CEC)	476											NewC[K-5]		Francisco/Vis Valley*
CHINESE IMMERSION SCHOOL	509				ImmC[K-5]									Roosevelt
CLARENDON**	478	Gen[K-5]								JBBP[K-5]				Presidio
CLEVELAND	481	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Vis Valley
COBB	525	Gen[K-5]												Roosevelt
DREW	507	Gen[K-5]												Brown/Giannini
EL DORADO	521	Gen[K-5]												Vis Valley
HUERTA (FORMERLY FAIRMOUNT)	537								ImmS[K-5]					Everett
FEINSTEIN	539	Gen[K-5]												Aptos
FLYNN	680	Gen[K-5]							ImmS[K-5]					Lick
GARFIELD	562	Gen[K-5]			ImmC[K-5]									Francisco
GLEN PARK	575	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Lick
GRATTAN	589	Gen[K-5]												Giannini
GUADALUPE	593	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Vis Valley
HARTE	453	Gen[K-5]							ImmS[K-5]					Brown/Lick
HILLCREST	614	Gen[K-5]	BilC[K-5]	BilS[K-5]										King
JEFFERSON	644	Gen[K-5]												Giannini
KEY	544	Gen[K-5]												Giannini
LAFAYETTE	664	Gen[K-5]												Presidio
LAKESHORE	670	Gen[K-5]												Denman
LAU	490	Gen[K-5]	BilC[K-5]											Marina
LONGFELLOW	691	Gen[K-5]		BilS[K-5]						FB[K-5]				Denman
MALCOLM X	830	Gen[K-5]												Brown/King
MARSHALL	714								ImmS[K-5]					Everett
MCCOPPIN	549	Gen[K-5]												Roosevelt
MCKINLEY	718	Gen[K-5]												Everett
MILK	505	Gen[K-5]												Everett
MIRALOMA	722	Gen[K-5]												Denman
MISSION ED. CENTER	724											NewS[K-5]		Lick
MONROE	729	Gen[K-5]	BilC[K-5]						ImmS[K-5]					Hoover
MOSCONE	723	Gen[K-5]	BilC[K-5]	BilS[K-5]										Hoover
MUIR	650	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Lick
NEW TRADITIONS	735	Gen[K-5]												Roosevelt
ORTEGA	746	Gen[K-5]						ImmM[K-5]						Aptos
PARKER	638	Gen[K-5]	BilC[K-5]											Francisco
PARKS	786	Gen[K-5]								JBBP[K-5]				Presidio
PEABODY	569	Gen[K-5]												Roosevelt
REDDING**	790	Gen[K-5]												Marina
SANCHEZ	816	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Everett
SERRA	656	Gen[K-5]		BilS[K-5]										Hoover
S.F. PUBLIC MONTESSORI	814	Gen[K-5]												Marina
SHERIDAN	820	Gen[K-5]												Denman
SHERMAN	823	Gen[K-5]												Marina
SLOAT	488	Gen[K-5]												Aptos
SPRING VALLEY	834	Gen[K-5]	BilC[K-5]	BilS[K-5]										Marina
STARR KING	838	Gen[K-5]						ImmM[K-5]						Aptos
STEVENSON	782	Gen[K-5]												Giannini
SUNNYSIDE	842	Gen[K-5]												Denman
SUNSET	750	Gen[K-5]												Giannini
SUTRO	848	Gen[K-5]	BilC[K-5]											Roosevelt
TAYLOR	513	Gen[K-5]	BilC[K-5]	BilS[K-5]										King
TENDERLOIN	859	Gen[K-5]												Francisco
ULLOA	862	Gen[K-5]	BilC[K-5]											Hoover
VISITACION VALLEY	867	Gen[K-5]	BilC[K-5]											Vis Valley
WEBSTER	497	Gen[K-5]							ImmS[K-5]					Lick
WEST PORTAL	876	Gen[K-5]			ImmC[K-5]									Hoover
YICK WO	801	Gen[K-5]												Francisco
K-8														
BUENA VISTA H. MANN (K-8)	618								ImmS[K-8]					BVHM
CARMICHAEL (K-8)	449	Gen[K-8]								FB[K-5]				Carmichael
LAWTON (K-8)	676	Gen[K-8]												Lawton
LILIENTHAL (K-8)	479	Gen[K-8]				ImmK[K-8]								Lilienthal
REVERE (K-8)	760	Gen[K-8]							ImmS[K-6]					Revere
ROOFTOP (K-8)	796	Gen[K-8]												Rooftop
S. F. COMMUNITY (K-8)	493	Gen[K-8]												SF Community
YU (K-8)	485				ImmC[K-8]									Alice Fong Yu

Gen	Landas ng Pangkalahatang Edukasyon
BilC	Landas para sa Kahusayan sa Pagbasa at Pagsulat sa Dalawang Wika, kasama na ang Cantonese
BilS	Landas para sa Kahusayan sa Pagbasa at Pagsulat sa Dalawang Wika, kasama na ang Kastila
FB	Landas na FLES/Filipino
ImmC	Landas na Paglubog sa Wika/Cantonese

ImmK	Landas na Paglubog sa Wika/Koreano
ImmM	Landas na Paglubog sa Wika/Mandarin
ImmS	Landas na Paglubog sa Wika/Kastila
JBBP	Programang Dalawang Wika at Dalawang Kultura/Hapon
NewC	Bagong Dating na Migrante/Landas sa Wikang Tsino
NewS	Bagong Dating na Migrante/Landas sa Kastila

Mga Pangangailangan para sa Wika:

Bago mag-aplay sa isang landas ng wika o landas para sa bagong dating na migrante, manyaring pag-aralan ang mga deskripsiyon at pangangailangan para maging karapat-dapat na nasa pahina 2.

Mga Tala:

*Napupunta ang mga estudyante ng Edwin and Anita Lee Newcomer School (formerly CEC) sa Francisco at Vis. Valley, batay sa middle school na pinakamalapit sa tahanan.

** Ang mga sumusunod na wika ay makukuha sa mga sumusunod na paaralan sa Pangkalahatang Programa ng Edukasyon:
Italyano (FLES- Pag-aaral sa Dayuhang Wika sa Elementarya): Clarendon
Arabic (FLES- Pag-aaral sa Dayuhang Wika sa Elementarya): Redding

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumanguni sa Gabay sa Programa ng Learner ng Ingles.

Educational Placement Center
555 Franklin Street, Room 100
San Francisco, CA 94102
Phone: (415) 241-6085



SFUSD SAN FRANCISCO PUBLIC SCHOOLS

2019-20 Mga Paaralan para sa Transisyonal na Kindergarten

Mga Paaralan para sa Transisyonal na Kindergarten	Paaralan #	Mga Landas ng Pangkalahatang Edukasyon
Alvarado ES TK-5	420	Gen
Argonne EES PK/TK	903	Gen
Carmichael, Bessie ES PK/TK-5	449	Gen
Cobb, Dr. William ES PK/TK-5	525	Gen
Drew, Dr. Charles R. ES PK/TK-5	507	Gen
Flynn, Leonard R. ES TK-5	680	Gen
Harte, Bret ES PK/TK-5	453	Gen
McLaren, John EES PK/TK	950	Gen
Malcolm X ES PK/TK-5	830	Gen
Noriega EES PK/TK	928	Gen
Presidio EES PK/TK	975	Gen
Redding ES TK-5	790	Gen
Rodriguez, Zaida T. EES PK/TK	965	Gen
Serra, Junipero Annex EES PK/TK	955	Gen
Sheridan ES TK-5	820	Gen
Stevenson ES TK-5	782	MM
Stockton, Commodore EES PK/TK	915	Gen
Tule Elk Park EES PK/TK	997	Gen

Ang mga estudyante na karapat-dapat at humihiling ng Transisyonal na Kindergarten ay bibigyan ng puwesto sa pinaka-unang napiling paaralan sa kanilang kahilingan, basta't may espasyo sa paaralan. Kung mas marami ang mga nag-aaplay na estudyante kaysa sa bilang ng espasyo sa paaralan, gagawin ang pagpili ng mga puwesto sa pamamagitan ng pagtingin sa lahat ng posibleng kumbinasyon ng mga tie-breaker (paraan ng pagpapasya sakaling may pagtatabela) sa ganitong pagkakasunod-sunod:

1 Kasalukuyang naka-enrol sa Paaralan ng SFUSD para sa Maagang Edukasyon na nagkaloob ng TK. Tatanggap ang mga estudyante na naka-enrol sa programang pre-K sa akademikong taon 2018-19 ng tie-breaker para sa kanilang kasalukuyang paaralan kung maghahandog din ito ng TK sa 2019-20.

2 Mayroong nakabatang kabitid na naka-enroll sa programang Pre-K ng SFUSD o nakatatandang kapatid sa paaralang elementarya kung saan nag-aalok ng TK, at humihiling na magbigyan ng puwesto sa magkapatid na paaralan. Sa aming pagususumikap na magbigay-suporta sa mga pamilyang may magkakapatid, magkakaroon ang estudyanteng TK ng tie-breaker sa paaralan kung saan pumapasok na ang nakabatang kapatid sa programang TK. Binibigyang-depinisyon ang magkapatid bilang mga estudyanteng pareho ang magulang/tagapangalaga at nakatira sa iisang adres.

3 Mga lugar ayon sa mga marka ng eksamen

Kapag hindi napagpasyahan ang mga pagtatabela ng mga tie-breaker, bibiyakin ang pagtatabela sa pamamagitan ng bunutan.

Susi. EES - Mga Paaralan para sa Maagang Edukasyon PK - PreKindergarten ng SFUSD TK - Transisyonal na Kindergarten ES - Paaralang Elementarya, GEN= General Education (Pangkalahatang Edukasyon), MM= Mild/Moderate

2019-20 Mga Middle School o Panggitnang Paaralan

Mga Middle School o Panggitnang Paaralan	Paaralan #	Mga Landas ng Pangkalahatang Edukasyon	Mga Landas ng Wika (Language Pathways)				Newcomer Pathways Bagong Dating na Migrante, Lahat ng Wika
			Secondary Dual Language Cantonese	Secondary Dual Language Mandarin	Secondary Dual Language Spanish	Secondary World Language Program Japanese	
APTOS	431	Gen[6-8]		SDLM[6-8]			
BROWN JR., WILLIE L.	858	Gen[6-8]					
DENMAN, JAMES	632	Gen[6-8]					
EVERETT	529	Gen[6-8]			SDLS[6-8]		New[6-8]
FRANCISCO	546	Gen[6-8]					New[6-8]
GIANNINI, A. P.	404	Gen[6-8]					
HOOVER, HERBERT	607	Gen[6-8]	SDLC[6-8]		SDLS[6-8]		
KING JR., DR. MARTIN L.	710	Gen[6-8]					
LICK, JAMES	634	Gen[6-8]			SDLS[6-8]		
MARINA	708	Gen[6-8]	SDLC[6-8]				New[6-8]
PRESIDIO	778	Gen[6-8]				JBBP[6-8]	
ROOSEVELT, THEODORE	797	Gen[6-8]	SDLC[6-8]				
VISITACION VALLEY	868	Gen[6-8]					New[6-8]

Mga Middle School Feeder

Itinatambal ang bawat paaralang K-5 sa distrito sa iisang middle school na kilala bilang kanilang middle school feeder o patutunguhang panggitnang paaralan. Nakalista ang middle school feeder para sa bawat paaralang K-5 sa ikatlong pahina ng form para sa aplikasyon. Bagamat lumilikha ang mga elementarya-tungo-sa-middle school na feeders ng para na lamang mga K-8 batay sa pagpaparenroll sa paaralang elementarya, patuloy na magiging proseso ng pagpili ang proseso ng pagbibigay ng puwesto sa estudyante sa middle school. Ang ibig sabihin

nito, ang mga estudyanteng naka-enroll sa ika-5 grado sa paaralang K-5 ng SFUSD ay kailangang magsumite ng form ng aplikasyon kung saan nirangko nila ang mga kahilingan para sa middle school upang makatangap ng puwesto sa ika-6 na grado.

Binibigyan ng proseso ng pagpili sa middle school ang mga nakabatang kapatid ng pinakamataas na preperensiya, at sinusundan ito ng preperensiya para sa mga estudyanteng naka-enroll sa paaralang elementarya na nagdadala ng mga estudyante sa middle school (hindi mahalaga kung saan

nakatira ang estudyante sa San Francisco, nakabatay ang tiebreaker na ito sa paaralan kung saan naka-enroll ang estudyante sa ika-5 na grado), at pagkatapos, preperensiya para sa mga estudyanteng nakatira sa mga lugar sa lungsod na may pinakamababang average na marka sa eksamen (lowest average test scores, na kilala bilang CTIP1). Gagamitin ang mga preperensiya na ito, na kilala bilang mga tiebreaker, kapag mas marami ang bilang ng mga kahilingan para sa paarala kaysa sa bilang ng puwesto na puwedeng makuha.

Proseso ng Pagpili sa Middle School: Mga Tie-breaker

Bibigyan ng puwesto ang mga estudyante sa hiniling nilang paaralan na binigyan nila ng pinakamataas na ranggo, basta't may espasyong makuha sa paaralan. Kung mas marami ang mga estudyante na nag-aaplay kaysa sa bilang ng mga makukuhang espasyo sa paaralan, bibigyan ng puwesto ang mga estudyante sa mga paaralan, gamit ang sumusunod na mga tie-breaker sa ganitong pagkakasunod-sunod:

(tingnan ang Gabay sa Pagpapatala para sa karagdagang detalye tungkol sa mga tiebreakers sa Willie L Brown Jr Middle School)



2019-20 Mga High School

Mga High School	Sch#	Mga Landas ng Pangkalahatang Edukasyon	Mga Landas ng Wika			Newcomer Pathways			Key to pathway codes	
			Secondary Dual Language Cantonese	Secondary Dual Language Mandarin	Secondary Dual Language Spanish	Newcomer All Languages	Newcomer Chinese	Newcomer Spanish	Gen	Mga Landas ng Pangkalahatang Edukasyon
BALBOA	439	Gen[9-12]				New[9-10]			Gen	Mga Landas ng Pangkalahatang Edukasyon
BURTON, PHILLIP & SALA	764	Gen[9-12]							JBBP	Programang Dalawang Wika at Dalawang Kultura/Hapon
GALILEO	559	Gen[9-12]	SDLC[9-10]			New[9-12]			New	Bagong Dating/Landas sa Lahat ng Wika
JUNE JORDAN	757	Gen[9-12]							NewC	Bagong Dating/Landas sa wikang Tsino
LINCOLN, ABRAHAM	405	Gen[9-12]		SDLM[9]		New[9-12]			SDLC	Pang-sekondaryang Pag-aaral Gamit ang Dalawang Wika/Landas Cantonese
LOWELL ¹	697	Gen[9-12]							SDLM	Pang-sekondaryang Pag-aaral Gamit ang Dalawang wika/Landas Mandarin
MARSHALL, THURGOOD	853	Gen[9-12]				New[9-12]			SDLS	Pang-sekondaryang Pag-aaral Gamit ang Dalawang wika/Landas Kastila
MISSION HIGH SCHOOL	725	Gen[9-12]				New[9-12]				
O'CONNELL, JOHN	651	Gen[9-12]			SDLS[9-10]					
Ruth Asawa San Francisco SCHOOL OF THE ARTS	815	Gen[9-12]								
S. F. INTERNATIONAL ²	621	Gen[9-12]				New[9-12]	NewC[9-12]	NewS[9-12]		
The Academy - San Francisco @ McAteer	832	Gen[9-12]								
WALLENBERG, RAOUL	785	Gen[9-12]								
WASHINGTON, GEORGE	571	Gen[9-12]				New[9-12]				

Mga Pangangailangan para sa Wika:

Bago kayo mag-aaplay sa isang landas para sa wika o bagong dating na migrante, mangyaring pag-aralan ang mga deskripsiyon at kinakailangan para maging karapat-dapat na nasa pahina 2.

¹ Ang mga mag-aaral na humihiling ng puwesto sa ika-9 na grado sa Lowell ay kailangan ding magsumite ng aplikasyon sa Lowell bago sumapit ang Disyembre 14, 2018. May makuha nang mga aplikasyon para sa ika-10 hanggang ika-12 grado sa Mayo 2019.

² Espesyal na dinisenyo ang S.F. International High School para sa Migranteng Mag-aaral ng Ingles (Immigrant English Learners) na dumating sa U.S. nitong huling 4 na taon. Puwedeng kumpletuhin ng mga Mag-aaral ng Ingles and lahat ng apat na taon ng kanilang edukasyon sa high school sa SF International High School at makapagtatapos sila nang may diploma ng high school upang maging karapat-dapat para sa pagkakatanggap sa kolehiyong pang-apat na taon.

Educational Placement Center
555 Franklin Street, Room 100
San Francisco, CA 94102
Phone: (415) 241-6085

Form para sa Aplikasyon - Akademikong Taon 2019-2020

Educational Placement Center
555 Franklin Street, Room 100
San Francisco, CA 94102 415.241.6085



1 Impormasyon ng Mag-aaral

STUDENT

Apelyido _____ Pangalan _____ Gitnang Pangalan _____ Suffix _____ Grade _____ Kasarian Lalaki Babae Non-binary

Petsa ng Kapanganakan _____ Lungsod ng Kapanganakan _____ Estado _____ Bansa kung saan Ipinanganak _____ Petsa ng Pagdating sa US (kung isinilang sa labas ng US) _____

Kasalukuyang paaralan o huling pinasukan _____ Lungsod _____ Estado _____ Petsang unang pumasok ng paaralan sa US _____

(kung isinilang sa labas ng US) Mas mababa ba sa tatlong pinagsamang taon ang pagpasok sa paaralan sa US ng estudyante? Oo Hindi

Mga aplikante sa high school
Gusto niyo bang ibigay ng SFUSD ang pangalan, adres, at numero ng telepono ng inyong anak sa nagre-recruit para sa militar o sandatahang lakas? Oo Hindi

Sarbey Tungkol sa Wikang Pantahanan

Kapag ang ibang wika bukod sa Ingles ang nakasaad sa Sarbey Tungkol sa Wikang Pantahanan (Home Language Survey), binibigyan ng pagtatasa ang mga estudyante at posibleng may karapatan sila para sa mga karagdagang serbisyo. Nakatutulong ang mga resulta para matukoy ng mga magulang nag naangkop na landas para sa pagbibigay-puwesto sa kaniyang anak.

- Anong wika ang unang natutunan ng inyong anak nang magsimula siyang magsalita? _____
- Anong wika ang pinakamadalas gamitin ng inyong anak sa bahay? _____
- Anong wika ang pinakamadals na ginagamit mo kapag kinakausap ang inyong anak? _____
- Anong wika ang pinakaginagamit ng mga nakatatanda sa bahay? _____

SFUSD Communication Preferences

- Kagustuhang nakasulat na wika: _____
- Pasalitang komunikasyon: _____

May isinaad akong wika bukod sa Ingles sa sarbey para sa wikang pantahanan at nakatanggap na ng kopya ng Gabay sa Programa ng Mga Mag-aaral ng Ingles o English Learner Program Guide (makukuha sa EPC) mara magkaroon pa ng kaalaman tungkol sa mga makukuhang serbisyo. Oo

Mga Espesyal na Pangangailangan

- Kasalukuyan bang tumatanggap ang estudyante ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon? Oo Hindi
- Mayroon bang mga kondisyon sa kalusugan ang estudyante kung kaya't nangangailangan siya ng suporta sa araw ng pagpasok? Oo Hindi

Kung mayroong IEP/Planong 504 ang inyong anak, pakilakip ito sa inyong aplikasyon.

Identipikasyon ng Lahi/Etnisidad:

Etnisidad - Hispaniko ba o Latino ang mag-aaral? Oo Hindi

Tungkol sa etnisidad ang bahagi sa itaas ng tanong, hindi tungkol sa lahi. Alin man sa itaas ang inyong napili, mangyaring patuloy na sagutin ang mga sumusunod sa pamamagitan ng pagmarka ng "x" sa isa o higit pang kahon, at nang matukoy kung ano ang inaakala ninyo na inyong lahi.

* Ginagamit lamang ito para sa layunin ng pag-uulat sa estado at sa pederal na pamahalaan; hindi ito naka-aapekto ng mga desisyon sa pagbibigay ng puwesto.

- | | | |
|--|--|--|
| <input type="checkbox"/> Amerikang Indian/Katutubo ng Alaska | <input type="checkbox"/> Asyanong Indian | <input type="checkbox"/> Itim o Afrikano Amerikano |
| <input type="checkbox"/> Cambodian | <input type="checkbox"/> Tsino | <input type="checkbox"/> Filipino |
| <input type="checkbox"/> Guamanian | <input type="checkbox"/> Hawaiian | <input type="checkbox"/> Hmong |
| <input type="checkbox"/> Hapon | <input type="checkbox"/> Koreano | <input type="checkbox"/> Laotian |
| <input type="checkbox"/> Gitnang Silangan/Arabiko | <input type="checkbox"/> Iba pang Asyano | <input type="checkbox"/> Iba pang mga taga-Isla Pasipiko |
| <input type="checkbox"/> Samoan | <input type="checkbox"/> Tahitian | <input type="checkbox"/> Vietnamese |
| <input type="checkbox"/> Puti | <input type="checkbox"/> Not Specified | |

2 Impormasyon tungkol sa Pamilya

MAGULANG/TAGAPANGALAGA 1

Apelyido _____ Pangalan _____ Gitnang pangalan _____

Address _____ Lungsod _____ Zip Code _____

Pangunahing Telepono # _____ Pangalawang Telepono # _____

Home Work Mobile

Nakatira ba ang bata sa Magulang/Tagapangalaga 1? Oo Hindi

Antas ng Edukasyon*

Ilang Taon ng High School
 Nagtapos ng High School
 Ilang Taon ng Kolehiyo
 Nagtapos ng Kolehiyo
 Gradwadong Pag-aaral

MAGULANG/TAGAPANGALAGA 2

Apelyido _____ Pangalan _____ Gitnang pangalan _____

Address _____ Lungsod _____ Zip Code _____

Pangunahing Telepono # _____ Pangalawang Telepono # _____

Home Work Mobile

Nakatira ba ang bata sa Magulang/Tagapangalaga 1? Oo Hindi

Antas ng Edukasyon*

Ilang Taon ng High School
 Nagtapos ng High School
 Ilang Taon ng Kolehiyo
 Nagtapos ng Kolehiyo
 Gradwadong Pag-aaral

* Ginagamit lamang ito para sa layunin ng pag-uulat sa estado at pederal na pamahalaan; hindi ito naka-aapekto sa mga desisyon sa pagpupuwesto.

3 Mga Hinihiling na Paaralan

Isulat ang landas (pathway), pangalan ng paaralan at numero ng paaralan para sa mga paaralan na gusto ninyong pasukan ng inyong estudyante. Maglista ng kahit ilang bilang ng mga paaralang gusto ninyo at ilita ang mga ito ayon sa preperensiya (pinakagusto ang nasa pinaka-itaas ng listahan pababa), gamit ang listahan ng mga paaralan na nakalagay sa pabalat. **Hindi kayo limitado sa 15 paaralan!** Kung gusto ninyong maglista ng mga karagdang pinipili na paaralan, mangyaring ilakip ang inyong pinalawak na listahan na nagsaad ng lahat ng gusto ninyong paaralan, ayon sa may-numerong pagkakasunod-sunod. **Pansin: Ang pagkakalagay sa isang hiniling na paaralan ay papalitan ang inyong kasalukuyang pagtatalaga (kung naaangkop).**

Sch#	Pangalan ng Paaralan	Landas	Sch#	Pangalan ng Paaralan	Landas	Sch#	Pangalan ng Paaralan	Landas
1			6			11		
2			7			12		
3			8			13		
4			9			14		
5			10			15		

MAGKAPATID

Gusto niyo bang mabigyan ng puwesto ang inyong kambal, triplet, o multiples sa iisang paaralan? Oo Hindi or N/A

May nakatatanda ka bang kapatid na nakatira rin sa iyong adres at dumadalo ng isa sa iyong mga piniling paaralan? Oo Hindi

Apelyido _____ Pangalan _____ Petsa ng Nakatatandang Kapatid _____

Paaralan ng Nakatatandang Kapatid _____ Grado (2019-20) _____ Student ID: _____

Mga Gabay para sa Pagbibigay ng Puwesto sa Hindi Hiniling na Paaralan: Nabasa ko na ang mga gabay para sa paggawa ng mga alok ng puwesto sa hindi piniling paaralan na nasa pahina 2 ng form para sa pag-aaplay na ito, at kapag hindi ako naitalaga sa alinman sa mga napili ko, mas gusto ko ang pinakamalapit na paaralan kung saan may bukas na puwesto sa hinihiling na pathway ng wika o newcomer kaysa sa pangkalahatang edukasyon. Oo Hindi

I (print name) _____, swear under penalty of perjury that the information I have provided in this application is true. I understand that I am required to notify the District of any subsequent change of address within 14 calendar days of the move. I understand that applications which are found to have a fraudulent address or other false information will be immediately cancelled and any resulting assignment retracted. A notation of any falsified information may be included in the student's permanent record file. I understand that if the District must hire an investigator or expend other resources in order to scrutinize my residency claim further, the District will charge me for these expenses if it ultimately determines my claim is false. I understand that the District also reserves the right to seek additional civil and/or criminal legal remedies against families that submit fraudulent information.

Parent/Guardian Signature _____ Date _____

Official use only		Date		Proof of Address #1		Proof of Birth		Appointment L/A		HO#		Entered by		Date	
Submitted at/taken by															

WHITE AND YELLOW: EPC attach (1) Picture ID (1) Proofs of address and (1) Proof of birth GOLDEN ROD: Parent takes to new school of assignment PINK: Parent Copy